ISSN 2673-2874

# CaraBalitaan

Opisyal na tagapamansag ng Philippine Carabao Center para sa National at Regional Impact Zones
Science City of Muñoz, Nueva Ecija | Tomo 4 Blg. 3 | Mayo-Hunyo 2022

www.pcc.gov.ph
Department of Agriculture-Philippine Carabao Center
pccoed2021@gmail.com



31 kalahok nakakumpleto ng kauna-unahang FLS-DBP Facilitators' Learning Workshop sa Rehiyon 8 2



Biyayang hatid ng pasensya't pagmamahal sa mestisang kalabaw 6

# Pagpupugay sa Novo Ecijanong magkakalabaw

Ni **Ma. Cecilia Irang-Mariano**

*DA-PCC NHQGP-Isang daan at dalawampung kabalikat na magkakalabaw sa pagpapalaganap ng Carabao Development Program (CDP) ang binigyang-pugay sa ginanap na "Pistang Parangal sa mga Kaagapay na Magkakalabaw sa Nueva Ecija" bilang pagdiriwang ng Buwan ng Magsasaka at Mangingisda noong Mayo 16.*

*Sundan sa p.7*



*Apat-napu't dalawang farmer's cooperatives at 120 na dairy farmers sa Nueva Ecija ang aktibong nakilahok sa Pistang Parangal na pinangunahan ng Knowledge Management Division (KMD). Tatlong kinatawan naman mula sa kanila ang nagbigay ng kani-kanilang kwentong tagumpay sa pagkakalabawan.*

## Kwento ng tagumpay ng mga magsasaka sa Rehiyon 1, tampok sa 'Cara-Ugnayan'

Ni **Ronaline Canute**

*DA-PCC NHQGP-"Nakita namin kung gaano kaganda!"*

Ganito inilarawan ng mga magsasaka sa idinaos na Cara-Ugnayan ang Carabao Development Program (CDP) ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) kung saan sila ay aktibong kalahok.

Ang Cara-Ugnayan ay isang plataporma ng ahensya na pinangunahan ng Knowledge Management Division (KMD) na naglalayong mapalawig at maipaalam ang mga programa ng ahensya sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa lokal na media at mga katuwang na ahensya o institusyon tulad ng Local Government Units (LGUs) at State Universities and

*Sundan sa p.3*

## Tumaas na ani at kita sa pagkakalabaw

Ni **Paulyn Saturno**

***DA-PCC NHQGP-Isa ang Eastern Primary Multi-Purpose Cooperative (Eastern PMPC) sa mga patotoo ng masaganang ani at mataas na kita sa pagkakalabawan.***

Sa ginanap na 30th Annual Regular General Assembly ng kooperatiba ngayong araw, nagpasalamat si Eastern PMPC chairperson Samuel Mercader sa DA-PCC sa walang sawang paggabay nito sa kanilang kooperatiba upang patuloy na makapagsupply ng produkto para sa national milk feeding program na pinangungunahan ng DepEd at DSWD.

Sa kasalukuyan, umaabot na ng milyon ang kinikita ng kooperatiba sa kabila ng hamon ng pandemya. Ngayon ay nakatakda na ring magbigay muli ang koop ng dibidendo sa mga miyembro nito makalipas ang ilang taon.

Kaagapay din ng kooperatiba sa paglago at pag-asenso ang LGU-San Jose na patuloy na sumusuporta sa Eastern PMPC sa pamamagitan ng pagsasagawa ng lungsod ng mga regular na programa kagaya ng milk feeding program.

Ang lungsod ay bumibili

*Sundan sa p.2*

# 31 kalahok nakakumpleto ng kauna-unahang FLS-DBP Facilitators' Learning Workshop sa Rehiyon 8

Ni **Sunshine Sabidalas**

***DA-PCC sa VSU- Nagsagawa ng Facilitators' Learning Workshop on Farmers Livestock School on Dairy Buffalo Production (FLS-DBP) ang DA-PCC sa Visayas State University (VSU) noong Abril 25 hanggang Mayo 6, 2022 sa VSU, Baybay City, Leyte bilang bahagi ng proyektong ALAB Karbawan. Ito ang unang pagkakataon na ang naturang aktibidad ay isinagawa sa labas ng DA-PCC national headquarters.***

Ang FLS-DBP ay isang makabagong diskarte na nakaangkla sa participatory at adult learning na mga pamamaraan at prinsipyo. Ang 15 araw na masinsinang aktibidad ay naglalayong bigyan ang mga kalahok ng mga kinakailangang kasanayan at kakayahan sa pagpapatupad ng FLS-DBP sa kani-kanilang mga lokalidad. Layon nitong gawing epektibong facilitators ang mga kalahok upang maging tagapagsanay din ng iba pang mga magsasaka sa kanilang nasasakupan pagkatapos ng season-long learning experience.

Ang nasabing aktibidad ay pinangasiwaan ng Knowledge Management Division (KMD) ng DA-PCC na pinamumunuan ni Dr. Eric Palacpac, kasama ang mga module developers mula sa national headquarters.

Nakibahagi sa nasabing aktibidad ang tatlumpu't isang kalahok mula sa iba't ibang munisipalidad ng Eastern Visayas na kinabibilangan ng Coconut-Carabao Development Project (CCDP) farmer beneficiaries, Local Government Unit (LGU) technician mula sa Northern Samar, Leyte, Samar, Southern Leyte, at Biliran, at ilang kawani ng DA-PCC.

Bukod sa mga lecture sessions, kasama sa kursong pagsasanay ang mga laro, fieldworks, at case analysis. Ang mga kursong tinalakay sa buong pagsasanay ay nakatuon sa pagpapakilos ng mga komunidad para sa FLS-DBP, pagpapalaki ng malusog at produktibong gatasang kalabaw, pagbuo ng mga negosyong salig sa kalabaw, participatory technology development, at participatory tool upang masukat ang epekto at kahalagahan ng FLS-DBP.

Kabilang sa mga resource persons sina DA-PCC sa VSU Director Francisco G. Gabunada Jr. at mga module developers mula sa national headquarters (Dr. Palacpac, Ms. Rovelyn T. Jacang, Dr. Phoebe Lyndia Llantada, Dr. Cyril P. Baltazar, Dr. Ester B. Flores, Dr. Peregrino G. Duran, Dr. Renelyn M. Labindao, Ms. Mina P. Abella, Ms Patrizia Camille Saturno, Ms. Teresita Baltazar, dating DA-PCC R&D Division Chief Dr. Annabelle S. Sarabia, at dating kawani ng KMD na si G. Erwin M. Valiente).

Sa culminating ceremony, nagbigay ng kanyang inspirational message si Dr. Caro B. Salces, deputy executive director for administration and finance ng DA-PCC sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga kwento ng tagumpay ng mga nakaraang FLS-DBP graduates na nakipagsapalaran sa dairy buffalo business partikular na sa pagsusupply ng gatas para sa feeding program.

Ipinahayag ng mga kalahok ang kanilang pasasalamat dahil natuto sila ng wastong kaalaman sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw, aspeto ng negosyo, at angkop na teknolohiya. Nagbigay, anila, ito ng pagkakataon para maibahagi ang kanilang kaalaman sa mga benepisyaryo ng CCDP. Inilahad din ng grupo ang kanilang re-entry plans para sa pagpapatupad ng FLS-DBP sa kani-kanilang mga lokalidad.




## Tumaas na ani ...

*Mula sa p.1*





buwan-buwan ng gatas ng kalabaw at karabun (tinapay na may gatas ng kalabaw) sa kooperatiba upang ipamigay sa mga barangay ng San Jose. Ito ay sa inisyatiba ng City Cooperative Development Office sa pangunguna ni Ma. Cristina Corpuz.

Paalala naman ni DA-PCC OIC Executive Director Dr. Ronnie D. Domingo sa Eastern PMPC na maging handa sa lahat ng bagay, huwag matakot sumubok sa mga negosyong ika-uunlad pa ng operasyon nito, at maging matatag sa lahat ng hamon ng buhay para sa patuloy na paglago ng kanilang kooperatiba.

Kabilang din sa mga dumalo sa aktibidad ay sina Josephine Aguinaldo ng Department of Agrarian Reform, Malou Santos ng Department of Trade and Industry, Mario Torres ng LGU-San Jose, at Dr. Ericson N. Dela Cruz ng DA-PCC sa CLSU.



# Kwento ng tagumpay ng mga magsasaka ...

*Mula sa p.1*




Colleges (SUCs).

"Nakikita namin ang isang napakahalagang papel na ginagampanan ng lokal na media pagdating sa hindi lamang pagpapakalat ng impormasyon na maaaring makinabang sa marami pa sa aming mga komunidad ng pagsasaka kundi pati na din sa pagtulong sa ating mga progresibong magsasaka na ibahagi ang kanilang mga kuwento ng tagumpay," wika ni Dr. Eric Palacpac, KMD Chief.

Ang mga kinilalang kinatawan ng magsasaka ay sina Rolly Mateo, chairperson ng Bantog Samahang Nayon Multi-Purpose Cooperative; Annalyn Tade, manager ng Rosario Dairy Farmers Cooperative; at Freddie Ledda, vice-president ng Team Naguilian Dairy Raisers Association.

Ibinahagi ni Mateo na dahil sa dairy enterprise, ang kanilang kapital na Php 10,000 ay naging Php 50M.

Aktibong nakikibahagi din sila sa milk feeding program na pinamumunuan ng Department of Education. Gayundin, sinabi ni Tade na ang kinikita ng dairy business ng kanilang kooperatiba ay nagbigay-daan sa kanila na makabili ng lote para mapalawak ang kanilang operasyon. Ang parehong kuwento ay naaangkop kay Ledda, na nagpatotoo sa tumaas na kita ng kanyang pamilya pagkatapos nilang pasukin ang negosyo sa paggagatas.

Sa parte naman ng LGU, si Ramsey Mangaoang, isang dating miyembro ng sangguniang bayan at tagapangulo ng Committee on Agriculture sa Aringay, La Union, ay nagpahayag ng kanyang pagpapahalaga sa programa ng kalabaw ng DA-PCC at binanggit na ito ay isang mahalagang bahagi ng agenda ng pagpapaunlad ng lokalidad.

Aniya, kailangan ang alternatibong kabuhayan ng mga magsasaka sa lokalidad at isa na rito ang carabao enterprise. Dahil dito, umaasa si Mangaoang na paigtingin pa ang isang provincial ordinance na paramihin pa ang kalabaw enterprise sa lalawigan.

Samantala, ilan sa mga tanong at paksang tinalakay sa media forum ay ang bull entrustment program, milk feeding program, PLGU at LGU's support program for carabao development, at iba pa.

Ang Cara-Ugnayan ay nakatakdang ipagpatuloy sa iba pang regional centers sa Visayas at Mindanao sa ikalawang semestre ng taong ito.

Cara·Ugnayan

Ang 'Cara-Ugnayan' ay naglalayong mapalawig at maipaalam ang mga programa sa pagkakalabaw sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa lokal na media at mga kasosyo tulad ng Local Government Units (LGUs) at State Universities and Colleges (SUCs).

# Kwento at Kwenta



**"Nagbigay ang DA-PCC sa DMMMSU ng maraming magazines sa bahay. Binasa ko lahat 'yon from cover to cover at doon ko nakilala ang mga farmer champions natin. Na-excite at na-inspire ako sa mga kwento nila kaya naman naganyak na rin akong mag-alaga ng kalabaw."**

ANNALYN L. TADE
Manager, Rosario Dairy Farmers Cooperative

Nagsimula ang lakbayin ni Annalyn sa pagkakalabawan dahil, aniya, sa pagiging "marites" niya. Inusisa niya kung magkano ang kinikita ng kanyang kapitbahay sa pagbebenta ng gatas ng kalabaw at namangha siya nang marinig kung gaano kalaki ang kinikita nito. Simula noon ay nahikayat na siyang mag-alaga ng kalabaw. Lalo pa siyang na-inspire nang mabasa ang iba't ibang kwento ng tagumpay ng mga premyadong magkakalabaw. Kung may magandang kinahinatnan, aniya, ang pagiging isang "marites" niya, iyon ay dahil napadpad siya sa industriya ng pagkakalabawan.



**"Noong 2007, naitalaga ako bilang Chairperson ng Committee on Agriculture sa Aringay at noong inintroduce sa'kin 'yong dairy project ay nakita ko ang potential dahil kailangan ng alternative livelihood programs para sa mga farmers. Noong una, medyo nahirapan kami kasi nagdadalawang-isip sila sa kakayahan ng programang makatulong. Pero nang may sumubok na at nakita nila ang ginhawang naidulot ng gatasang kalabaw, dumami nang dumami ang nagtiwala. Umaasa tayo na mas mapaiigting pa ang mga ordinansa upang mas lalong mapa-unlad ang carabao enterprise sa probinsiya."**

RAMSEY MANGAOANG
Chairperson, Committee on Agriculture sa Aringay, La Union






**"Nang makita ko kung gaano kataas ang aming kinita noong una kaming naggatas, nag-request ako sa DA-PCC at DMMMSU kung pwede pa nila ako bigyan ng kalabaw at kanila namang tinupad matapos ang masinsinang evaluation. Dahil sa gatasang kalabaw, kumikita na ako ngayon nang hindi bababa sa Php100,000 kada buwan."**

ROLLY C. MATEO
Chairperson, Bantog Samahang Nayon Multipurpose Cooperative

Isa lamang si Rolly sa hindi natakot sumubok sa negosyong pagkakalabaw at ngayo'y tinatamasa na ang mga biyayang hatid ng gawaing ito.

Si Rolly din ang chairperson ng isa sa mga progresibong kooperatiba sa Rehiyon 1–ang Bantog Samahang Nayon Multi-Purpose Cooperative (BSNMPC). Nagsimula lang sa kapital na PHP10,000, ang BSNMPC ngayon ay may PHP20 milyon assets na at 249 ns myembrong nagtutulung-tulong para patuloy na mapaunlad ang kooperatiba.




**"Sa gatasan kami kumukuha ng pera para sa aming pang araw-araw na gastusin. Kung dati nagtatampo ang aking misis dahil sa sobrang pag-aasikaso ko sa mga kalabaw, ngayon naman ay siya na ang nagtutulak sa akin na mas alagaan pa sila dahil sa nararanasan naming mataas na kita sa kabuhayang ito."**

FREDDIE D. LEDDA
Vice President, Team Naguilian Dairy Raisers Association

Labis ang pasasalamat ni Freddie sa mga biyayang natatanggap ng kanyang pamilya dahil sa pag-aalaga ng gatasang kalabaw. Aniya, hindi naging madali ang pagsisimula niya sa negosyong ito nguni't hindi niya ito sinukuan sa pananalig na ito ang magbibigay sa kanila ng mataas na kita. Hindi nga siya nabigo, kumikita na siya ngayon ng Php1,700 kada araw sa pagbebenta lang ng gatas.

# Biyayang hatid ng pasensya't pagmamahal sa mestisang kalabaw

Ni **Rodolfo Valdez Jr.**

Minsang nangamba at napanghinaan ng loob, nguni't ngayon ay tinatamasa na ng pamilyang Cabino ng Canahay Dairy Farmers Association (CADAFA), Surallah, South Cotabato ang benepisyong dulot ng gatas mula sa kanilang crossbreed na kalabaw.

Nagsimula ang buhay carapreneur ng pamilyang Cabino matapos silang imbitahan ng Municipal Agriculturist Office ng bayan ng Surallah na lumahok sa pagkakalabawan. Sumailalim sa iba't ibang pagsasanay ang mag asawang Emelita at Joselino tulad ng dairy buffalo production management systems, milk processing, at School on-the-Air on Dairy Buffalo Production.

Tulad ng ibang maggagatas sa Pilipinas, maraming dagok ang pinagdaanan ng mag-asawang Cabino na siyang muntikang nagtulak sa kanila na isuko ang pagkakalabawan.

"Noong 2019, nabigyan kami ng DA-Philippine Carabao Center sa Uiversity of Southern Mindanao (DA-PCC sa USM) ng tatlong mestisang kalabaw. Malaking hamon ito para amin dahil crossbreed ang mga ito hindi tulad ng mga ipinamahagi sa ibang miyembro ng CADAFA na purong Italian Buffalo na alam nating may mataas na pruduksyon ng gatas" pagbabalik tanaw ni Emelita.

Mas napanghinaan pa ng loob ang mag-asawa matapos manganak ang isa sa kanilang mga alaga noong 2020. "Ang liit ng binibigay nitong gatas, halos wala pang isang litro. Ginagawa na lang naming itong chocomilk para sa aming apo bilang pambawi ng pagod" pagdadagdag ni Emelita.

Sa kabila ng mga hamon na ito, hindi nag patinag ang PCC sa USM at Office of the Municipal Agriculturist (OMAG)-Surallah sa pagbibigay ng interbensyon para sa mga magsasakang humaharap sa ganitong mga problema.

"Hindi na bago sa atin ang mga reklamong ganito. Imbes na bawiin sa kanila ang kalabaw, mas bibigyan pa natin ng motibasyon upang mas panghawakan pa ang negosyong natanggap na salig sa kalabaw". Pagbabahagi ni DA-PCC at USM Center Director Benjamin John C. Basilio.

"Buti na lang nariyan parating nakaagapay sa amin ang PCC at OMAG para tulungan kami. Mula sa pagbubuntis o pag-AI, pagsasagawa ng nutrition at health related services, lahat ibinigay sa amin para lang hindi sukuan ang aming kalabaw" Ani ni Joselino.

At hindi nga naglaon, noong 2021, nagsimula nang umusbong ang punla ng pagtitiis ng pamilyang Cabino.

"Noong nagatasan na ang mga kalabaw namin, nakita ko na talaga ang sinasabi nilang 'Sa Dairy ang Kita ay Daily'. Mahigit sa isang libong piso sa isang araw ang kita naming mag-asawa mula lang sa gatasang mestisang kalabaw. Paano na lang kung sumuko kami noong una? Eh di wala na kaming ganitong income ngayon" ani misis Cabino.

Mula sa tatlo, ngayon, mayroon na siyang limang kalabaw na nagbibigay sa kanila ng Php 30,000 na buwanang kita. Nakabili na rin sila ng freezer at milk cans, nakapag paayos ng bahay, nasusustintuhan nito ang pag-aaral ng Grade 12 nilang anak, at nakakatulong sa pang araw-araw nilang gastusin.

"Pasensya lang gid anay, mahabang pasensya. Kung maka gatas na kayo, simula na rin ng pagbabago ng buhay niyo. Para sa akin, wala yan sa lahi ng kalabaw. Mestisa o pure breed man ito kung hindi maalaagan ng maayos, maliit ang gatas na naibibigay, pero kung maganda ka mag-alaga madami din syang ibibigay" buong galak na pahayag ni Emilita.

Pasensya at pagmamahal, ayon sa Pamilya Cabino, ang naging pondasyon ng kanilang nagtatagumpay na negosyong salig sa kalabaw.





# Palawan koop kumita nang mahigit Php3M dahil sa proyektong ALAB Karbawan

Nina **Ma. Cecilia Irang-Mariano at Paulyn Saturno**

"Ang Yamang Bukid, isa sa mga kooperatibang inaasistehan ng DA-Philippine Carabao Center sa University of the Philippines Los Baños (DA-PCC at UPLB), ay nakalikom na ng mahigit tatlong milyong pisong kita mula sa proyektong paggagatasan."

Buong-galak na ibinahagi ni DA-PCC sa UPLB Center Director Thelma Saludes ang ulat na ito sa mga kalahok na livestock leaders at DA officials sa ginanap na Livestock Summit.

Ang proyekto ay bahagi ng Carabao-Based Business Improvement Network o Accelerating Livelihood and Assets Buildup (ALAB) Karbawan, na pinondohan ng Senate Committee on Agriculture, Food and Agrarian Reform sa pamumuno ni Senator Cynthia Villar. Isang dahilan din ang proyektong ito para maging kwalipikado ang kooperatiba na magsupply ng gatas para sa School-based at supplemental Feeding Programs ng DepEd at DSWD sa probinsiya ng Palawan.

Ayon kay Dr. Saludes, magandang programa at hanapbuhay ang paggagatasan lalung-lalo na ngayon na mayroon nang nationwide milk feeding program.

Binigyang-diin naman ni DA-PCC OIC Executive Director Dr. Ronnie Domingo ang kahalagahan ng matibay na relasyon at ugnayan ng mga kabalikat sa industriya at ang muling pagcalibrate ng mga plano para matugunan ang kasalukuyang paglaganap ng mga sakit, problema, at suliranin sa sektor ng paghahayupan.

Ang forum ay inorganisa ng opisina ng City Veterinarian ng Puerto Princesa City na pinamumunuan ni Dr. Indira A. Santiago.

Sinabi ni Undersecretary for Livestock Dr. William Medrano na mahalaga ang pagsasama-sama ng mga asosasyon at ang pakikipag-ugnayan at pakikipagtulungan ng mga ito sa lokal na pamahalaan upang makamit ang adhikain ng DA na Masaganang Ani at Mataas na Kita para sa mga lokal na magsasaka.

Ang Livestock Summit ay dinaluhan ng iba't ibang farmer leaders at stakeholders sa Palawan kabilang ang: Palawan Swine Producers Association, Tarabidan Association of Palawan, Palawan Agrarian Reform Community Cooperative Federation, CK Cooperative, Sorosoro Ibaba Development Cooperative, Iwahig Prison and Penal Farm and Farmers Association, Yamang Bukid Farm, Palawan Municipal Agriculture Officers Association, DVS Farm at iba pang galing sa sektor ng pamahalaan gaya ng Department of Science and Technology, Dairy Production and Development Center, Livestock Resource Center, Agricultural Production Coordinating Office (APCO), LGU- Puerto Princesa, at opisyales mula sa Provincial Office ng Palawan.

Dumalo rin sina DA MIMAROPA-Regional Executive Director Antonio Gerundio, Bureau of Animal Industry OIC Executive Director Dr. Reildrin G. Morales, at Dr. Edelyn David at Dr. Feddik Antonnette J. Serrano ng National Dairy Authority.

# Pagpupugay sa mga Novo Ecijano...

*Mula sa p.1*

Uminog sa temang "Buwan ng Magsasaka at Mangingisda 2022: Modernisasyon at Industriyalisasyon Tungo sa Masaganang Ani at Mataas na Kita" ang selebrasyon para sa taong ito.

Sa isang simpleng programa na inorganisa ng Knowledge Management Division-Learning Events Coordination Section sa pakikipagtulungan ng DA-PCC sa Central Luzon State University (DA-PCC at CLSU), ginawaran ng DA-PCC ng plake ng pagkilala ang mga magkakalabaw na miyembro ng dairy cooperatives at associations, private farm owners, at mga benepisyaryo ng family module dahil sa kanilang pagsisikap at dedikasyon na mapalago ang industriya ng pagkakalabawan sa kanayunan.

Sila rin ay binigyang pagkilala dahil sa aktibong pakikiisa nito sa DA-PCC sa adhikain na makamit ang layunin ng sektor ng agrikultura, lalong-lalo na ang mapaunlad ang buhay ng mga magsasakang Pilipino at matiyak ang seguridad sa pagkain kahit pa sa gitna ng pandemya.

Hinikayat ni DA-PCC OIC Executive Director Dr. Ronnie Domingo ang mga magkakalabaw na pataasin pa ang kanilang produksyon at pag-ibayuhin pa ang kalidad ng kanilang mga produkto upang mas maging competitive hindi lang sa lokal na merkado kundi maging sa ibang bansa. Sinabi rin niya na mahalagang patuloy na sikaping paunlarin ang sariling kakayahan at kaalaman araw-araw.

"Nakasuporta po ang DA-PCC sa mga pagsisikap ninyong may kaugnayan sa modernisasyon at industriyalisasyon," pagtitiyak ni Dr. Domingo.

Ibinahagi rin ni Dr. Domingo ang highlights ng accomplishments ng proyektong Ahon Lahat, Pagkaing Sapat Kontra COVID-19 (ALPAS COVID-19) ng ahensya, na inilunsad noong 2020 para sa Buwan ng Magsasaka at Mangingisda.

Ipinatupad ito ng DA-PCC sa apat na project components: Creating Opportunities Through Value Innovations and Development (COVID), Unlad Lahi Project (ULaP), Gatas, Isda, Gulay, at Karne (GIGK), at Cara-Aralan na may 38,684 kabuuang benepisyaryo.

Nasa 9,795 benepisyaryo sa ilalim ng proyektong ULaP ang nabigyan ng mga kalabaw, incentives, technical at veterinary services, crop-forage integrated system, mekanisasyon, at market support para sa produksyon ng mga pakain.

Sa proyektong GIGK, nasa



kabuuang 28,357 benepisyaryo ang nakatanggap ng gulayan, forage production at market assistance, logistical support, o farm mechanization assistance; habang nasa 100 benepisyaryo naman sa ilalim ng proyektong COVID ang nakatanggap ng tulong para sa teknolohiya, inobasyon para sa produksyon at pagpoproseso ng produkto at value-adding.

Mayroong 432 benepisyaryo sa proyektong Cara-Aralan ang nabigyan ng e-learning o mga webinars na nakapokus sa farm solutions, mga learning modules sa pamamagitan ng AVPs, digitized IEC at training materials, multimedia promotions, at communication support services. Nagbigay din ng kani-kanilang mga testimonya ang ilang mga magkakalabaw kung paano nakatulong ang programa ng DA-PCC para bumuti ang kanilang pamumuhay.

Ibinahagi ni Catalanacan Multi-Purpose Cooperative chairperson Ferdinand Cueva na malaki ang naitulong ng negosyong paggagatasan para mabayaran ng kanilang kooperatiba ang lahat ng utang nito. Nagpasalamat naman sa DA-PCC si Rosalie Mendoza ng Isla Buliran Farmers Association para sa pagkakaloob nito ng tulong teknikal at mga pagsasanay na nagpalawak ng kanilang kaalaman sa wastong pag-aalaga ng gatasang kalabaw.

Labis din ang pasasalamat sa DA-PCC ni Ernesto Padolina, na ngayo'y may 100 kalabaw, sa pagkumbinsi sa kanya na sumuong sa paggagatasan at nagbigay sa kanya ng tuluy-tuloy na kita. Inilahad naman ni Apolonio Serrano, isang benepisyaryo ng family module, kung paano niya napagtapos ng pag-aaral ang kanyang tatlong anak dahil sa kinikita niya sa pag-aalaga ng kalabaw.

Noong 1989, naideklara ang buwan ng Mayo bilang Buwan ng Magsasaka at Mangingisda sa ilalim ng Presidential Proclamation No. 33.

*Abangan sa susunod na isyu:*

**Ikalawang 'Cara-Ugnayan' gaganapin sa Negros Occidental**

**Pagtatapos ng kauna-unahang FLS sa North Cotabato**



# Modernong database management system para sa digitalizing carapreneurship

Ni **Chrissalyn Marcelo**

Alinsunod sa layunin ng Department of Agriculture (DA) na gawing moderno ang sektor ng agri-fishery, nagkaroon ng paghuhusay sa dalawang database management system (DMS) ang DA-Philippine Carabao Center (PCC) noong Mayo 31-Hunyo 2 sa Richmonde Hotel sa Iloilo kasama ang mga kliyente at Carabao Based Enterprise Development (CBED) coordinators.

Ang tinutukoy na dalawang DMS ay ang mga pinaigting na research-based enterprise build-up (iREB) 2.0 at major final output (MFO) dashboard na bersyon 3.

Sinabi ng Planning and Information Management Officer-in-Charge ng DA-PCC na si Alvin David na ang pagpapahusay ng dalawang DMS ay ang output ng Database Management Enhancement System Project ng DA-PCC, na pinondohan ng DA-Bureau of Agricultural Research.

"Ang iREB2.0 ay isang tool para sukatin ang profitability at productivity ng CBED sa antas ng kliyente o komunidad ng DA-PCC sa buong bansa, habang ang MFO dashboard ay isang tool para sukatin ang output ng DA- PCC bilang isang ahensya," paliwanag ni David.

Dagdag pa niya, ang sistema ay isang mahusay na instrumento para sa pagbuo ng impormasyon, lalo na kapag gumagawa ng mahahalagang desisyon sa negosyo at pagpaplano para sa mga targets ng ahensya.

Sinang-ayunan rin ito ni Business Development Commercialization Unit Head Zadieshar Sanchez na ang pinahusay na bersyon ng iREB1.0 ay binuo ng DA-PCC kasunod ng inisyatiba nito na magbigay ng halaga sa lahat ng mga negosyong bunga ng pananaliksik.

Sa kabilang dako, sinabi ni DA Assistant Secretary for Planning and Regulations Dr. Liza Battad na pinapahusay ng iREB 2.0 ang mga programa ng DA-PCC sa CBED. Idinagdag din niya na ang nasabing sistema ay isang magandang tool para ipakita kung gaano kahusay ang mga kliyente ng CBED.

Samantala, ibinahagi ng Science Research Analyst ng DA-PCC na si Pauline Maramag at Project Evaluation Officer na si Catherine Alyssa Licudo, ang mga pinahusay na feature sa iREB 2.0 at MFO dashboard version 3.

"Ang aming iREB1.0 ay may ilang mga limitasyon sa paggamit. Ngunit sa bersyong ito, nalutas namin ang mga isyu at pinahusay pa ang mga kinakailangan ng gumagamit ng database, graphic user interface, mga account ng kooperatiba ng magsasaka, at rate ng oras ng paglo-load. Mayroon din itong data privacy feature kung saan binibigyan ang user ng mga karapatan ng privacy at seguridad sa kanyang account," paliwanag niya.

Kabilang sa mga pagbabago ang pagkakaroon ng computation tab, status ng mga performance commitment reviews (PCRs), pagdaragdag ng mga function sa pag-export at iba pang mga administrative functions.

Nagsagawa din ng mga hands-on session para sa mga kalahok na pahalagahan at maging pamilyar sa dalawang DMS. Binigyan din sila ng pagkakataon na ipakita ang kanilang karanasan sa paggamit ng mga nasabing sistema.

"Sa pamamagitan ng iREB2.0, madali na nating maa-assess ang performance ng ating mga farmer-members dahil madali nating masusuri base sa kanilang profile at data ang mga lugar kung saan natin sila mabibigyan ng agarang tulong sakaling kailanganin nila ito," saad ni Bohol Dairy Cooperative General Manager Herbert Joseph Tan Puracan.

Masayang ibinahagi ni Baclay Multipurpose Cooperative General Manager Richard Hidalgo, isa pang kalahok, na sa pamamagitan ng iREB2.0, maaari na nilang mamonitor at suriin kung kumikita ang kanilang negosyo sa isang click lang mula sa kanilang mga computer.

Sa hinaharap, ang iREB2.0 ay magkakaroon ng bersyon ng mobile app, na magagamit offline para sa mga layunin ng pangangalap ng data at mga kakayahan sa pagbuo ng ulat. Bibigyan din ang mga kliyente ng pangkalahatang guideline o manual kung paano gamitin ang system at kung gaano kadalas nila dapat i-encode ang data sa DMS.

Ang parehong cascading workshop ay isasagawa ng DA-PCC sa Tagaytay para sa mga kliyente nito at CBED coordinators ng Luzon sa unang linggo ng Hulyo 2022.


## *Patnugutan*

**Patnugot** ERIC P. PALACPAC, ROWENA GALANG-BUMANLAG
**Tagapamahalang Patnugot** RONALINE CANUTE
**Manunulat** MA. CECILIA IRANG-MARIANO, RONALINE CANUTE, **CHRISSALYN MARCELO, PAULYN SATURNO, RODOLFO VALDEZ JR., SUNSHINE SABIDALAS**
**Layout at Ilustrasyon** COORES CELOY
**Tagapamahala sa Sirkulasyon** COORES CELOY, DINE YVE DAGANOS
**Tagapayo** RONNIE D. DOMINGO

## *CaraBalitaan*

*Ang **CaraBalitaan** ay isang pahayagan ng Department of Agriculture-Philippine Carabao Center (DA-PCC) na inilalathala isang beses kada dalawang buwan para sa mga kliyente nitong magsasakang maggagatas mula sa National at Regional Impact Zones. Naglalaman ito ng mga balita, istorya ng tagumpay, natatanging mga gawain at modernong teknolohiya na may kinalaman sa pag-aalaga at paggagatas ng kalabaw.*


*I-scan ang mga sumusunod na QR code upang makita ang iba pang babasahin ng DA-PCC at mabisita virtually ang DA-PCC National Headquarters at Genepool.*

K-Portal

*Ang Knowledge Portal o K-Portal ay nagsisilbing e-platform na daluyan ng iba't ibang mga knowledge products mula sa Knowledge Management Division ng DA-PCC.*

DA-PCC Virtual Tour

*Maaari naring silipin ang aming National Headquarters at Genepool para malaman ang iba't ibang pasilidad at mga serbisyong hatid ng ahensya sa pamamagitan ng isang virtual tour.*